

Espesyal na Isyu Setyembre 22, 2002

## Kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga pakana ng US upang ikriminalisa at usigin bilang mga "terorista" ang PKP-BHB, si Kasamang Sison at iba pang lehitimong mga rebolusyonaryo at progresibo

Pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas 21 Setvembre 2002

Bilang buhong na *superpower* at pinakamalaking terorista sa buong mundo, inangkin ng US ang kapangyarihan upang unilateral na maghasik ng digma at manlipol at manalasa sa ibang mga bansa at mamamayan. Walang kahihiyan nitong binabraso ang pandaigdigang komunidad, dinedestabilisa ang ibang mga estado at buu-buong mga rehiyon, at isinasapanganib ang pandaigdigang kapayapaan.

Ang imperyalismong US ang pinakamalaking teroristang pwersa na sumalanta sa mamamayang Pilipino. Hindi pa ito nananagot sa malupit na digmang agresyon laban sa mamamayang Pilipino mula 1899 hanggang 1914. Kabilang sa mga krimen nito sa digma ang pamamaslang, pagtotortyur, maramihang pwersahang pagpapalikas at iba pang mapaniil na hakbanging pumuksa sa buhay ng mahigit isang milyong Pilipino, na karamiha'y mga di armadong sibilyan. Ang madugong paglupig nito sa Pilipinas ang naghawan ng daan para sa araw-araw na karahasan ng pagsasamantala at pang-aapi sa bansa, kakutsaba ng mga lokal nitong tuta.

Sa gitna ng lumalalang krisis sa US at sa pandaigdigang sistemang kapitalista, itinataguyod ng US ang malawakang terorismo at pasismo ng estado sa mundo upang supilin ang lumalaganap na panlipunang kaguluhan at pagpapanibagong-lakas ng rebolusyon. Sa sobrang takot, pinatitindi nito ang panunupil sa loob mismo ng US at itinutulak ang ibang bansa, kabilang ang mga neokolonya nito, na gumamit ng mas mapanupil na mga hakbangin laban sa mamamayan, laluna laban sa mga migrante. Ang paggigiit ng US sa rehimeng Macapagal-Arroyo na magpatupad ng higit na mapanupil at mapandigmang mga hakbangin sa ngalan ng "anti-terorismo" ay muling naglalapit sa Pilipinas sa batas militar.

Lalong pinangangambahan ng US ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas

na ngayo'y nasa unahan ng pandaigdigang pakikibakang antiimperyalista at sumusulong at nagsasapanganib sa pag-iral ng tutang estado nito. Lalo ito ngayong nanghihimasok nang tuwiran sa

kontra-rebolusyonaryong digma sa bansa at ginagamit ang Pilipinas bilang lunsaran ng interbensyon nito sa ibang bansa sa rehiyon. Upang bigyang-katwiran ito, buong kahangalan nitong binansagan bilang mga "foreign terrorist organization" ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.

Ang US ang pinakamalaking terorista sa buong mundo pero may kapal pa ito ng mukhang

bansagang "terorista" at dungisan ang mahusay na rekord ng isang lehitimo at prinsipyadong rebolusyonaryong pwersa na pumupukaw, nagoorganisa at nagpapakilos sa mamamayang Pilipino sa isang determinadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa imperyalismong US, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Kakutsaba ng papet na rehimeng Macapagal-Arroyo, pinaghahandaan at ginagawang lehitimo ng US ang tahasang pananalakay sa bansa sa pamamagitan ng mga iskema tulad ng Mutual Logistics Support Agreement at walang katapusang mga bagong bersyon ng Balikatan—na ngayo'y nakatutok naman sa mga teritoryo ng PKP-BHB.

Upang bigyang-daan ang pananalakay nito sa Pilipinas, pinipinsala nito ang prosesong pangkapayapaan at lumilikha ng mga kundisyon upang katakutan ang mga kasapi, konsultant at istap

at tagasuporta ng *peace panel* ng National Democratic Front of the Philippines. Itinutuon ng US ang atake nito kay Kasamang Jose Ma. Sison, *senior political consultant* ng panel. Sa

isang dokumento ng US

Treasury Department na inilakip sa Executive Order No. 13224 na inilabas noong August 12, 2002, partikular na ibinilang ni US Pres. Bush si Kasamang Sison sa listahan ng mga "dayuhang terorista".

Dahil sa panggagalaiti sa mga rebolusyonaryo, desididong-desidido ang impeyalismong US na supilin sila. Kilalang-kilala ng imperyalismong US at ng mga lokal na tuta nito kung sino

ang pinakamatatag at pinakaepektibo nilang mga kalaban kaya inihahasik nila laban sa mga ito ang pinakamasasahol na propaganda, pinakamaruruming pakana at pinakamababangis na atake. Kabilang ngayon sa mga pangunahing target ng

Setyembre 22, 2002 ■ ANG BAYAN

imperyalismong US at ng mga papet nito ang mga partido at rebolusyonaryo na ginagabayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, partikular na yaong mga naglulunsad at nagtataguyod ng digmang bayan.

Dahil sa kanyang nangungunang impluwensya at kabuluhan sa pampulitika at panlipunang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas at sa larangang internasyunal, ikinokonsentra ng US ang pinakamabangis na atake nito laban kay Kasamang Sison sa walang-kapararakang pag-aasam na pugutan ng ulo ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas at hadlangan ang pagpapanibagong-lakas ng anti-imperyalista at proletaryong rebolusyonaryong kilusan sa bago't mas mataas na antas.

Ang pagpili kay Kasamang Sison upang tuunan ng pambabalang atake ng *superpower* ng mundo ay nagsisilbing di sinasadyang parangal sa kanyang talas at katatagan sa paglalantad sa imperyalismong US at sa magkakasunod na mga papet na rehimen, sa pagsisilbi niyang tanglaw sa pambansademokratiko at proletaryong rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, sa pagpapanibagong-sigla ng pandaigdigang proletaryong rebolusyonaryong kilusan, gayundin sa pagsuporta sa prosesong pangkapayapaan.

Lubos na pinahahalagahan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga iniambag at patuloy na iniambag ni Kasamang Sison sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas. Kinikilala ng Partido ang kanyang namumukod-tanging rebolusyonaryong papel at katapatan sa proletaryado at mamamayan; pinasisinungalingan nito ang walang-batayang paratang ng US na "terorista" siya, ang Partido mismo, ang hukbong bayan at ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng Partido.

Ginagampanan ng gubyernong Dutch para sa US ang maruming trabaho laban kay Kasamang Sison. Sinasakyan nito ang bukambibig na islogang "anti-terorista" ng US at ang mga tunguhing anti-demokratiko at anti-migrante sa The Netherlands at sa Europe. Ginagawa ito nang buong lupit at walang anumang pagsasaalang-alang sa wastong proseso. Noong nakaraang buwan, sa pamamagitan ng pinakahamak na paraan ng pang-aapi, inipit ang mga personal na deposito sa bangko nila ng asawa

niyang si Juliet na nanggaling din naman sa Social Zaken, ang ahensya sa kagalingang panlipunan ng gubyernong Dutch. Mula 1992 ay kinilala na siyang political refugee ng Raad van State, ang pinakamataas na korteng administratibo ng gubyernong Dutch. Dahil lumalabas na nagdodoble-kara ito, ibinaba nito ang kanyang istatus mula sa pagiging political refugee nitong Setyembre 16. Agad nitong ipinagkait sa kanya ang suportang pabahay, pantawid-buhay at medikal. Isinasapanganib din nito ang proteksyon sa kanya ng Refugee Treaty of Geneva at ng European Convention mula sa ekstradisyon tungo sa alinmang bansa batay sa gawa-gawang karaniwang kasong kriminal.

Ibinunyag mismo ng ilang prominenteng upisyal ng guberyno ng Pilipinas na ang US ay nakatakdang mag-imbento ng mga kasong kriminal laban kay Kasamang Sison upang gamitin ito sa paghiling ng ekstradisyon niya sa US. Noon pa mang 1998 ay may sertipikasyon na ang Justice Secretary ng Pilipinas na walang anumang kasong kriminal laban kay Kasamang Sison sa Pilipinas. Binubuo pa ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang partikular na batas laban sa "terorismo" na mas tatarget sa mga rebolusyonaryo at kanilang mga tagasuporta kaysa mga bandido at tunay na terorista. Habang

wala pa ito, naghahanda ang rehimen na kasuhan ng rebelyon si Kasamang Sison upang suhayan ang binabalak na kasong kriminal at kahilingan ng US para sa kanyang ekstradisyon.

Desididong-desidido ang US at ang papet na rehimeng Macapagal-Arroyo na magbuo ng mas imbing mga pakana —kabilang ang paggamit ng tahasang karahasan at iba pang pasistang pamamaraan—sa pagsisikap na supilin ang rebolusyonaryong kilusan, si Kasamang Sison at iba pang rebolusyonaryo at progresibo. May binuo na ring sariling mga hakbanging "anti-terorista"

ang European Union. Noong Hulyo 15, 2002, pinagtibay ng Committee of Ministers of Foreign Affairs of the European Union ang mga alituntuning "anti-terorista" na, katulad halos ng US Patriot Act ay sumisikil nang husto sa mga karapatang sibil. Nababahala nang husto ang Partido tungkol sa mga peligrong kinakaharap ni Kasamang Sison bunsod ng tusong mga pakana at gawa ng US at mga alyado nito.

Mariing kinukundena ng Partido ang US at ang papet na rehimeng Macapagal-Arroyo sa lantarang mga disenyo at pakanang interbensyunista at pasista laban sa Partido, Bagong Hukbong Bayan at kay Kasamang Sison, gayundin sa soberanya at mga pundamental na interes ng bansa at sambayanang Pilipino.

Nananawagan ang Partido sa lahat ng makabayang Pilipino at lahat ng mamamayan sa buong mundo na nagmamahal sa kalayaan na iprotesta at labanan ang mga disenyo at iskemang ito, na partikular na naglalayong hawanin ang daan para sa ibayong tahasang agresyon ng US laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng Pilipinas. Dapat makinig sa katwiran ang gubyernong Dutch at bawiin ang mga di makatarungan at malupit na hakbangin nito laban kay Kasamang Sison.

Di kailanman matatakot ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang pinamumunuan nitong rebolusyonaryong kilusan sa panghihimasok militar ng US, sa banta ng agresyon o sa marurumi nitong taktika. Napanday na ang rebolusyonaryong kilusan sa isang buhay-at-kamatayang pakikibaka sa napakaraming taon at laban sa malalaking kahirapan. Nananatili itong matatag sa umaasa-sa-sariling armadong rebolusyonaryong pakikibaka upang kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya at isulong ang pandaigdigang proletaryong rebolusyon.

Ang kolektibong pamunuan ng Partido ay epektibong kumikilos sa mga konsolidadong rebolusyonaryong baseng gerilya sa Pilipinas, ligtas mula sa pamiminsala ng US at ng lokal na reaksyunaryong armadong pwersa. Alam na alam ng mga rebolusyonaryong Pilipino na nasa terminal na krisis ang bulok na malapyudal at malakolonyal na sistema sa bansa at ang US mismo ay nasasadlak sa papalalim na krisis. Ang Partido at rebolusyonaryong kilusan ay mabilis na sumusulong at sinasamantala ng mga ito ang lalong

umiinam na kalagayang pambansa at pandaigdig para sa ibayong pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibaka.



## Maikling kronolohiya

**Setyembre 23, 2001 –** Inilabas ng US Treasury Department ang Executive Order (EO) 13224 (Blocking Property and Prohibiting Transactions with Persons who Commit, Threaten to Commit, or Support Terrorism).

**Hulyo 15, 2002 -** Pinagtibay ng European Union ang teksto ng unang internasyunal na tuntunin sa mga karapatang-tao at mga hakbangin laban sa "terorismo". Nakasaad rito ang paglilimita sa mga karapatan ng mga itinuturing na "terorista" at mga prosesong gagamitin sa paglilitis sa kanila, kabilang ang proseso ng ekstradisyon (pag-angkin

ng hurisdiksyon ng paglilitis sa ibang bansa) sakaling hilingin ito ng ibang bansa.

Agosto 9, 2002 - Inianunsyo ni US State Sec. Colin Powell na itinuturing ng gubyernong US na isang "foreign terrorist organization" (FTO) ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan (BHB). Inilabas ang desisyong ito sa Federal Register alinsunod sa Immigration and Nationality Act, na isinabatas bilang bahagi ng Antiterrorism and Effective Death Penalty Act. Iginiit niya sa lahat ng gubyerno na "ihiwalay itong mga teroristang organisasyon, ipitin ang

kanilang pinagkukunan ng pinansya at pigilan ang kanilang paglalakbay".

**Agosto 12, 2002 -** Idinagdag si Prof. Jose Ma. Sison (Ka Joema), ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang BHB sa listahan ng mga "terorista" na inilakip sa EO 13224.

**Agosto 13, 2002 -** Sa bisa ng EO 13224 ng US, naglabas ang gubyernong Dutch ng Sanctieregeling Terrorisme 2002 III (Mga Hakbangin Laban sa Terorismo). Sa batayang ito'y dali-daling hinatulan si Kasamang Sison sa salang "terorismo" nang walang batayan ni paliwanag. Sinasagasaan nito ang istatus ni Ka Joema bilang isang political refugee na saklaw ng mga proteksyon ng Refugee Convention at ng European Convention for the Protection of Human Rights and Fundamental Freedoms (EVRM). Dahil dito, ituturing na ng gubyernong Dutch bilang isang ordinaryong kriminal si Kasamang Sison at kung gayon ay maaari nang ipailalim sa mga proseso ng paglilitis ng mga kriminal.

Matatandaang kinilala ng Raad van State, ang pinakamataas na korte sa The Netherlands, si Ka Joema bilang isang *political refugee* noon pang 1992. Nangangahulugan itong may nakitang batayan upang bigyan siya ng proteksyon laban sa pag-uusig at pamiminsala ng gubyernong Pilipinas. Noong 1997, kinilala na rin ng gubyernong Dutch ang istatus na ito. Ngunit dahil sa tuluy-tuloy na presyur ng mga gubyerno ng US at Pilipinas, tumanggi itong bigyan si Ka Joema ng *political asylum* at ng karapatang manirahan *(residence permit)* sa The Netherlands. Nakaapila ang kanyang kaso sa European Courts of Human Rights simula 1998.

**Agosto 15, 2002 -** Inipit ng Dutch Finance Ministry ang *joint bank account* ni Ka Joema at ng kanyang asawang si Julie Sison na naglalaman ng 1,000 euros (P55,000). Sa *bank account* na ito idinedeposito ang mga benepisyong

natatanggap ng mag-asawa mula sa Welfare Service at Social Affairs and Employment ng gubyernong Dutch. Dito kinukuha ng pamilyang Sison ang panggastos para sa kanilang mga batayang pangangailangan tulad ng pagkain, kuryente, segurong pangkalusugan at iba pa. Tumatanggap ng maliit na alawans ang mag-asawang Sison, dahil hindi pinahihintulutang maghanapbuhay ang mga political refugee.

Setyembre 10, 2002 - Ipinaabot ng Dutch Foreign Minister J.G. de Hoop Schefffer kay Kasamang Sison sa pamamagitan ng sulat na ipinatigil na ng gubyernong Dutch ang pagbibigay ng kanyang mga benepisyo sa bisa ng Sanctiergeling Terrorisme 2002 III. Kabilang dito ang tinatanggap nilang alawans para sa pagkain at iba pang batayang pangangailangan, ang probisyong pabahay at segurong pangkalusugan. Sa isang iglap, tinanggal ng gubyernong Dutch kay Ka Joema, Ka Julie at anak nilang si Jasm ang karapatang mabuhay nang makatao at may dignidad.

Binigyan siya ng anim na linggong palugit upang humingi ng "konsiderasyon" na tanggalin ang mga prohibisyong ipinataw sa kanya sa batayang makatao. Tinanggihan ni Ka Joema ang alok dahil mangangahulugan ito ng kanyang pagsang-ayon sa gawa-gawang akusasyon ng terorismo at iba pang di makatarungan at mapang-aping paratang.



## Kinukundena ng NDFP ang "teroristang" bansag ng US sa PKP, BHB at kay Jose Ma. Sison

Pahayag ng Pambansang Komiteng Tagapagpaganap ng NDFP 21 Setyembre 2002

Maria Sison bilang "terorista". Ang hakbanging ito ay bahagi ng plano ng US na palalimin ang panghihimasok militar nito sa bansa sa harap ng pagpapanibagong-lakas ng armadong rebolusyonaryong kilusan para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Matapos isangkalan ang Abu Sayyaf para direktang lumahok sa mga operasyong pangkombat, itinututok ngayon ng US ang mga baril nito sa mga rebolusyonaryong pwersa tulad ng PKP at BHB pati na sa mga makabayang tulad ni Kasamang Sison dahil sa kanilang mahigpit na pagtutol sa matagal nang paghahari ng US sa bansa.

Pinag-iinitan ng US si Kasamang Sison. Iginiit nito sa gubyernong Dutch na ipitin ang kanyang ariarian—na agad namang pinaunlakan ng gubyernong Dutch. Binabantaan siya ngayon ng ekstradisyon at ng di makataong pagtratong ginagawa sa mga "teroristang" nakapiit ngayon sa US.

Nararapat ding kundenahin ang papet na presidenteng si Macapagal-Arroyo. Mula nang tumungo ito sa US noong Nobyembre ng nakaraang taon, ganadong-ganadong sumayaw si Macapagal-Arroyo sa saliw ng "gerang kontra-terorismo" ni Bush. Ang deklarasyon niya ng "all-out war" laban sa NPA noong Agosto ay bahagi ng iskrip na inihanda ni US State Secretary na si Gen. Colin Powell, na ilang araw makalipas ay nagdeklara na ang PKP at NPA ay itinuturing na mga "foreign terrorist organization." Tuwang-tuwang nagpalakpakan sina Macapagal-Arroyo at ang kanyang mga maka-US na heneral nang

sumunod sa US ang gubyernong Dutch sa pagtrato kay Sison bilang "terorista".

Lubos na nababahala ang NDF sa pakikipagtulungan ng gubyernong Dutch sa US sa pagusig kay Kasamang Sison. Inipit nito ang kanyang personal na *bank account* na walang laman kundi pensyong *social welfare*, na magkakait sa kanya kahit ng kanyang saligang mga pangangailangan. Naiulat na ibinaba na ang kanyang istatus mula sa pagiging *political refugee*, isang hakbang tungo sa pagturing sa kanya bilang kriminal.

Ang apila ni Kasamang Sison sa European Court on Human Rights na baligtarin ang desisyon ng gubyernong Dutch na pagkaitan siya ng permisong manirahan sa The Netherlands ay nanganganib ngayon bunga ng pagtitibay ng European Union ng sarili nitong mga hakbanging "anti-terorista". Noong Hulyo 15, 2002, pinagtibay ng mga kinatawan ng mga Minister of Foreign Affairs ang isang tangkas ng mga alituntunin sa mga karapatang-tao at paglaban sa terorismo, na katulad ng Patriot Act sa US ay lubhang sumisikil sa mga karapatang sibil.



Hindi terorista si Kasamang Sison. Batid ng publiko ang kanyang buhay bilang isang aktibista mula pa noong siya'y estudyante. Tampok ang ginampanan niyang papel sa mga malawakang protesta laban sa digmang agresyon ng US sa Vietnam. Siya'y matalas na kritiko ng imperyalistang globalisasyon at ng "gerang kontra-terorismo" ng US. Inamin na niyang siya ang tagapagtatag ng PKP. Mula sa pagiging isang bilanggong pulitikal sa ilalim ng pasistang rehimeng Marcos na sinuportahan ng US, siya'y tumungo noong 1987 sa The Netherlands at nanatili doon. Mula 1992 ay itinuring siyang political refugee ng Raad van State, ang pinakamataas nga korteng administratibong Dutch.

Noong 1991, nagsimula siyang magsilbing senior political consultant ng panel ng NDFP sa pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas, na ang kalakha'y idinaos sa The Netherlands, Belgium at kamakailan, sa Norway. Napakalaki ng tulong niya sa negosasyong pangkapayapaan na nagbunga sa sampung kasunduan, na ang pinakamakabuluha'y ang The Hague Joint Declaration at ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law. Mahusay din niyang natulungan ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gubyerno ni Macapagal-Arroyo at ng NDFP noong maagang bahagi ng nakaraang taon.

Si Kasamang Sison ay isa sa pinakaunang mga kritiko ng bulok at walang kakayahang rehimeng Estrada at isang kinikilalang tinig sa malawak na kilusang masang humantong sa pagpapatalsik kay Estrada. Si Macapagal-Arroyo, na huli nang sumakay sa kilusang iyon, ay sinwerte lamang na maging konstitusyunal na panghalili sa pinatalsik na presidente.

Si Joema, na siyang magiliw na tawag sa kanya, ay isang tunay na makabayan. Marapat siyang suportahan ng mamamayang Pilipino at ng mamamayan ng buong mundo na tunay na nagmamahal sa pambansang kalayaan at demokrasya at marunong kumilala sa mga kasinungalingan at panlilinlang ng "gerang kontraterorismo" ng US sa pagpapalawak ng dominasyon nito sa mundo.

## TUTULAN ANG PANGGIGIPIT KAY KA JOEMA SISON!

Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal Tagapagsalita, Partido Komunista ng Pilipinas Setyembre 21, 2002

Kasamang Jose Maria Sison at mga tauhan ng NDFP na nakabase sa The Netherlands.

Una'y inipit ang *joint current account* ng mag-asawang Sison, kung saan idinedeposito ng gubyernong Dutch ang maliit na alawans na ipinagkakaloob sa kanilang pamilya alinsunod sa pagkilala nito mula 1992 sa katayuan ni Ka Joema bilang *political refugee*. Sinundan ito ng pagsuspindi sa subsidyo sa kanila ng gubyerno sa pabahay at kalusugan. Pinakahuli ang pagtanggal sa katayuan ni Ka Joema bilang *political refugee* noong Setyembre 16 tungo sa pagturing sa kanya bilang ordinaryong kriminal.

Ang lahat ng ito'y pagtalima ng gubyernong Dutch sa kahilingan ng US na gipitin si Ka Joema at mga tauhan ng NDFP dahil arbitraryo at walang batayang itinuturing ng US na terorista ang Partido Komunista ng Pilipinas at

Bagong Hukbong Bayan.



Walang batayan at malisyoso ang bintang na ito sa PKP at BHB. At lalo namang malupit at hindi makatarungang gamitin ang bintang na ito upang pagkaitan ng mga batayang pangangailangan sa buhay at labagin ang batayang karapatang mabuhay ng

pamilyang Sison at iba pa nilang mga kasamahan doon.

Higit dito, nakaamba rin kay Ka Joema ang panganib na sapilitang arestuhin ng gubyernong US para litisin sa US sa ilalim ng kanilang marahas at malupit na US Patriot Act at alinsunod sa Guidelines on Human Rights and Fighting Terrorism na inilabas ng Committee of Ministers of the Council of Europe.

Para bigyan ito ng mistulang batayang ligal, nakaamba rin ang pagsasampa ng rehimeng Macapagal-Arroyo ng gawa-gawang kasong rebelyon laban kay Ka Joema para magamit itong sangkalan ng US sa paghiling ng kanyang ekstradisyon mula sa gubyerno ng The Netherlands.

Mariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang pagsasama ng US sa PKP-BHB sa listahan nito ng mga foreign terrorist organization at sa pagsusulsol nito sa mga gubyerno sa Europe na sumunod sa kanilang patakarang gipitin ang mga tauhan ng NDFP sa Europe. Kinukundena rin ng PKP kasabay nito, ang papet na gubyernong Macapagal-Arroyo sa pakikipagsabwatan nito sa panggigipit kina Ka Joema.

Sa paggigipit kay Ka Joema, na may

napakalaking naitulong sa pagsusulong ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ng NDFP, walang ibang layunin ang rehimeng Macapagal-Arroyo kundi ang tuluyan nang wasakin ang usapang pangkapayapaan at palargahin nang todo ang kontra-rebolusyonaryong digma laban sa PKP, BHB at buong sambayanang Pilipino. Magkakaroon na rin ng dagdag na sangkalan ang US sa paglulunsad ng direktang interbensyong militar sa Pilipinas.

Ang lahat ng ito ay bahagi ng pangkalahatang layunin ng US na durugin ang sinumang naglalayong wakasan ang imperyalistang pagsasamantala, pang-aapi at kalupitan na nagsasadlak sa milyon-milyong mamamayan ng daigdig sa pagdarahop at paghihirap.

Malaking kahangalang ituring na terorista si Ka Joema at ang ibang tulad niya na nangangahas na mulatin at organisahin ang aping mamamayan ng kani-kanilang mga bansa laban sa imperyalismong US at mga papet na rehimen nito.

Malinaw sa rekord ng imperyalismong US na ito ang pinakamalaking terorista dahil ang patakaran nitong mang-upat ng gera at iba pang kaguluhan sa mundo para salbahin sa krisis ang ekonomya ng US at matugunan ang kahayukan nitong magkamal ng superganansya ay kumikitil sa buhay ng milyunmilyong mamamayan ng daigdig. Hindi nga ba't ganito ang ginagawa ng US ngayon sa Iraq?

Malinaw ang katotohanan. Naghahasik ng kasinungalingan ang imperyalismong US tungkol kina Ka Joema para pagtakpan ang karumal-dumal nitong rekord.

Nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan sa mamamayang Pilipino na tutulan sa iba't ibang paraan ang pinag-ibayong pananalakay at panggigipit ng gubyernong US at papet nitong gubyernong Macapagal-Arroyo sa mga lehitimong nakikibaka para sa karapatan at kagalingan ng mamamayan. Oras na mahayaang magtagumpay ang US at papet nitong rehimen sa kagustuhan

nito, hindi si Ka Joema ang huling bibiktimahin ng gayong panunupil.

Partikular sa gubyerno ng The Netherlands, nananawagan din kami, sa mga batayang makatarungan at makatao, na huwag pagkaitan ng kanyang mga karapatan si Ka Joema at huwag lumuhod sa presyur ng imperyalismong US. Nananawagan kami na humanay ang gubyerno ng The Netherlands sa lumalaking bilang ng mga bansa sa buong daigdig na masusing kumikilatis

sa makasariling interes ng imperyalismong US at nangangahas na labanan ang kagustuhan ng US na sagasaan ang soberanya ng kahit anong bansa sa mundo. 🗷

